




GENERAL EDUCATION CENTER
OFFICE OF THE VICE CHANCELLOR FOR ACADEMIC AFFAIRS
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES DILIMAN

DILC Building, R. Magsaysay Avenue, UP Diliman, Quezon City 1101
+632 9285107 or +632 9818500 local 2583 | ovcaa.upd@up.edu.ph

MEMORANDUM BLG. GEC-OVCAA-NAKG 22-027

PARA SA : MGA DEKANO, KALIHIM NG KOLEHIYO, TAGAPANGULO NG DEPARTAMENTO, DIREKTOR NG INSTITYUT, GE COORDINATORS, AT STUDENT RECORDS EVALUATORS (SRE)

SA PAMAMAGITAN NG OPISINA NI


: **MA. THERESA T. PAYONGAYONG, Ph.D.**
Bise-Tsanselor para sa mga Gawaing Akademiko
at Tagapangulo, UPD GE Committee

Kimuell-Gabriel Nancy Adriano
Digitally signed by Kimuell-Gabriel Nancy Adriano
Date: 2022.11.22 17:34:38 +08'00'

MULA SA OPISINA NI: NANCY A. KIMUELL-GABRIEL, Ph.D.
Direktor
at Kasapi-Kalihim, UPD GE Committee

TUNGKOL SA : Mga Resolusyon ng Komite para sa klaripikasyon sa pagproseso ng mga kahilingan/apela sa pagkredit/substitusyon ng mga GE course

PETSA : 15 Nobyembre 2022

Mainit na pagbati!

Inilalabas ang Memo na ito upang maglinaw sa ilang bagay at tugunan ang mga naobserbahang *inconsistency* sa pagpoproseso ng mga kahilingan/apela sa pagkredit/substitusyon ng mga GE course.

Sa pulong noong 2 Agosto 2022, pinagpasyahan ng Komite ang mga sumusunod:

- Ang patuloy na paggamit ng *substitution form* bilang isa sa mga kinakailangang dokumento para sa pagproseso ng mga kahilingan/apela sa pagkredit/substitusyon ng mga GE course sa University Transactions Automated Kit (UP UTAK).
- Ang mga kahilingan/apela na kayang sagutin ng mga Memo at opisyal na gabay ay maaari nang pagpasyahan sa lebel ng mga SRE, Kalihim ng Kolehiyo at OUR. Tanging mga apela lamang dahil sa ***misadvising, lapse of judgement*** at **iba pang pagkakamali na nangangailangan ng masusing ebalwasyon ng Komite** ang kinakailangang iproseso sa UP UTAK.
- Ang GEC at Komite ay responsable lamang sa pangangasiwa sa ebalwasyon ng nilalaman ng mga silabus upang matukoy ang pagiging magkatumbas ng mga GE course.



GENERAL EDUCATION CENTER
OFFICE OF THE VICE CHANCELLOR FOR ACADEMIC AFFAIRS
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES DILIMAN

*DILC Building, R. Magsaysay Avenue, UP Diliman, Quezon City 1101
+632 9285107 or +632 9818500 local 2583 | ovcaa.upd@up.edu.ph*

- Ang paunang ebalwasyon sa rekord ng mga estudyante base sa mga polisiya/gabay (i.e., kondisyon sa substitusyon, atbp.), at pag-iisyu ng sertipikasyon para sa mga nakredit na GE course ay hindi saklaw ng GEC at Komite.
- Hinihikayat ang lahat na gawin muna ang nararapat na ebalwasyon sa rekord ng mga estudyanteng nasasakupan at tiyaking kumpleto ang mga kinakailangang dokumentasyon bago iproseso sa UP UTAK.

Maraming salamat po.

Binibigyang-sipi: OUR